BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Ang Hunyo ay Heritage Month sa Brampton

BRAMPTON, ON (Mayo 26, 2023) – Ang Hunyo ay buwan ng pamana o heritage month sa Brampton, na may mga pagdiriwang sa kabuuan upang bigyang pugay ang diverse na komunidad ng Lungsod.

Iniimbitahan ang mga residente na mag-enjoy sa live entertainment at tradisyonal na cuisine habang ipinagdiriwang natin ang Italian Heritage Month, Portuguese Heritage Month at Filipino Heritage Month.

Ipinagmamalaki ng Lungsod ng Brampton na parangalan ang ating diverse mosaic sa pamamagitan ng pag-highlight sa iba't ibang kultura ng ating mga residente at malaki ang ambag ng mga Italyano, Portuguese at Filipino Canadian na gawing isang kamangha-manghang lungsod ang Brampton ngayon.

Mag-uumpisa ang pagdiriwang sa Sabado, Hunyo 3, na itataas ang watawat ng komunidad bilang pagpupugay sa Portuguese Heritage Month. Mula Hunyo 2 hanggang 4, maaaring makilahok ang mga residente sa Lusofonia Festival sa Gage Park, na magtatampok ng isang weekend ng musika, entertainment ng mga kabataan at isang gastronomy at handicraft fair.

Bisitahin ang www.brampton.ca/portugueseheritagemonth para sa kumpletong detalye ng mga event.

Sa Linggo, Hunyo 11, makikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa Brampton Filipino Seniors Club, Federation of Filipino Canadians sa Brampton, Knights of Rizal at sa Alliance of Ladies of the Knights of Rizal upang ipagdiwang ang Filipino Heritage Month.

Bilang parangal sa Araw ng Kalayaan ng Pilipinas, ang watawat ng Pilipinas ay itataas upang gunitain ang pagkamit ng kalayaan ng bansa noong 1898, at iniimbitahan ang mga residente na mag-enjoy sa entertainment at libreng tradisyonal na cuisine.

Bisitahin ang www.brampton.ca/filipinoheritagemonth para sa karagdagang impormasyon.

Sa Hunyo 17, bibigyang pugay ng Lungsod ng Brampton ang Italian Heritage Month sa pagtataas ng watawat at resepsyon sa City Hall ng Brampton. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang www.brampton.ca/italianheritagemonth.

**I-save ang mga petsa**

Mga Pagdiriwang sa Portuguese Heritage Month

Lusofonia Festival
Hunyo 2 – 4
Gage Park

Pagtataas ng Bandila ng Komunidad
Hunyo 3 ,12pm
Ken Whillans Square

Mga Pagdiriwang sa Filipino Heritage Month

Pagtataas ng Watawat ng Komunidad
Hunyo 11, 10:30am
Ken Whillans Square

Resepsyon
Hunyo 11, 11am
City Hall ng Brampton

Mga Pagdiriwang sa Italian Heritage Month

Pagtataas ng Watawat ng Komunidad
Hunyo 17, 2pm
Ken Whillans Square,

Resepsyon
Hunyo 17, 2:30pm
City Hall ng Brampton

**Mga Quote**

"Ang Brampton ay isang katangi-tangi at diverse na lungsod na may napakaraming iba't ibang kultura. Samahan kami sa buong buwan ng Hunyo sa pagpupugay at pagdiriwang sa mga kulturang ito na nakakaambag sa natatanging mosaic na komunidad natin. Sa tradisyonal na pagkain at musika, may isang bagay para sa lahat at napakaraming oportunidad upang matuto. Hinihintay ko na makita kayo sa buong mga event."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng halos 700,000 tao at higit sa 90,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca